KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panglungsod

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BILANG. 06-244

KAPASIYAHAN NA NAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG YUMAONG DATING ALKALDE NG BAYAN NG MUNTINLUPA NA SI KGG. FRANCISCO "PACQUING" GUERRERO GILBUENA NA PUMANAW NOONG IKA–18 NG MAYO, 2006.

****

Ipinanukala ni : **Pang. Punonglungsod Aldrin L. San Pedro**
Kasamang Nagpanukala: **Kgg. Mggl. Raul R. Corro**
Kgg. Bal Niefes
Kgg. Allan Rey A. Camilon
Kgg. Ma. Luisa Babaran-Echavez, M.D.
Kgg. Melchor R. Teves
Kgg. Allen F. Ampaya
Kgg. Kevin B. Delgado
Kgg. Mggl. Icasiano M. dela Rea
Kgg. Rene Carl S. Cayetano
Kgg. Elmer S. Espeleta
Kgg. Francis Ian T. Bagatsing
Kgg. Marissa Cole-Rongavilla
Kgg. Lucio B. Constantino
Kgg. Mamerto T. Sevilla, Jr.
Kgg. Joselito V. Arevalo
Kgg. Mario E. Bulay, Jr.
Kgg. Artemio A. Simundac
Kgg. Christian Glenn D. Lorica

****

SAPAGKAT, si **KGG. FRANCISCO "PACQUING" GUERRERO GILBUENA** ay isang lider ng guerilya na itinalaga ng mga Amerikano upang tumayong kapitan (katumbas ay alkalde) sa Bayan ng Muntinlupa noong Pebrero hanggang Abril 1945, makaraan ang Ikalawang digmaang pandaigdig;

SAPAGKAT, bagama't magulo at halos puro sira pa ang buong bayan dahil sa kagagaling pa lamang sa digmaan ang bansa, unang binalangkas ni **GILBUENA** ang sistema ng pamamalakad sa munisipyo kasabay ang pagtatalaga ng mga magiging tauhan nito;

SAPAGKAT, nagtalaga siya ng isang sekretarya, pulis at naglibot sa iba't-ibang baryo upang magtalaga ng magiging konsehales, at dahil walang pondo ang munisipyo ay wala ring magamit na pera para sa pagpapagawa ng mga nasirang tulay;

SAPAGKAT, sa kanyang panawagan na "**Bayanihan"** ay nakiisa ang taong bayan upang maitayo ang nasirang tulay, kalye at mga kabahayan;

SAPAGKAT, si Alkalde Gilbuena ang kauna-unahang alkalde na nagtatag ng sistema ng gobyerno at nagturo ng sanidad o tamang paggamit ng palikuran;

SAPAGKAT, siya ay nanungkulan ng anim hanggang walong buwan lamang ng "walang sahod", at iniwan niya ang pagiging alkalde kay Bandong Viñalon upang ituloy ang kanyang pag-aaral ng Inhinyeriya sa Unibersidad ng Sto. Tomas ng kursong Mechanical at Agricultural Engineering;

SAPAGKAT, ang pagpanaw ng **KGG. FRANCISCO "PACQUING" GUERRERO GILBUENA** ay malaking kawalan hindi lamang sa kanyang pamilya at mga kaibigan kundi na rin sa buong lungsod ng Muntinlupa;

NGAYON, DAHIL DITO, pinagpasiyahan ng Sangguniang Panlungsod na iparating ang kanilang taus-pusong pakikiramay at pakikidalamhati sa mga naulila ng yumaong dating Alkalde ng Bayan ng Muntinlupa na si **KGG. FRANCISCO "PACQUING" GUERRERO GILBUENA** na pumanaw noong ika-18 ng Mayo, 2006.

PINAGPASIYAHAN PANG MULI, ang pagbibigay ng sipi nitong Kapasiyahan sa mga naulila.

PINAGTIBAY, ng ***Ika-4 na Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa*** ngayong ika-***22*** ng ***Mayo, 2006***, sa kanilang ika-***14*** Natatanging Pagpupulong.

SUMANG-AYON:

MGGL. RAUL R. CORRO
Konsehal

RENE CARL S. CAYETANO
Konsehal

BAL NIEFES
Konsehal

ELMER S. ESPELETA
Konsehal

ALLAN REY A. CAMILON
Konsehal

FRANCIS IAN T. BAGATSING
Konsehal

MA. LUISA BABARAN-ECHAVEZ, M.D.
Konsehal

MARISSA COLE-RONGAVILLA
Konsehal

MELCHOR R. TEVES
Konsehal

LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

ALLEN F. AMPAYA
Konsehal

MAMERTO T. SEVILLA, JR.
Konsehal

KEVIN B. DELGADO
Konsehal

JOSELITO V. AREVALO
Konsehal

MGGL. ICASIANO M. DELA REA
Konsehal

MARIO E. BULAY, JR.
Konsehal

CHRISTIAN GLENN D. LORICA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Pederasyon ng
Sangguniang Kabataan

ARTEMIO A. SIMUNDAC
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Samahan ng mga
Punongbarangay

PINATOTOTOHANAN KO, ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

CECILIA C. LAZARTE
Kalihim
Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

ALDRIN L. SAN PEDRO
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

PINAGTIBAY:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Punonglungsod
Petsa: _____